BAY AREA AIR QUALITY
MANAGEMENT DISTRICT

NEWS RELEASE

baaqmd.gov

**PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG:** Abril 23, 2024
**MAKIPAG-UGNAYAN SA:** communications@baaqmd.gov

# Itinalaga ng Distrito ng Hangin si Arsenio Mataka bilang deputy na tagapagpaganap na opisyal para sa Mga Programa sa Pagkakapantay-pantay at Komunidad

**SAN FRANCISCO –** Inanunsyo ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ang pagtatalaga sa kilalang lider sa katarungan sa kapaligiran na si Arsenio Mataka bilang deputy na tagapagpaganap na opisyal para sa Mga Programa sa Pagkakapantay-pantay at Komunidad sa pagpupulong sa Komunidad, Kalusugan, at Katarungan sa Kapaligiran ng ahensya.

Pagkatapos ng malawakang pag-recruit sa buong bansa, napili si Arsenio para sa posisyon ng isang panel na binubuo ng mga opisyal ng Distrito ng Hangin at ng mga kilalang lider ng komunidad sa Bay Area. Sa tungkuling ito, susubaybayan niya ang pakikipag-ugnayan sa komunidad ng ahensya, mga pang-estratehiyang incentive, pagpapatupad ng teknolohiya, at inisyatiba sa pagkakaiba-iba, pagkakapantay-pantay, at pagsasama. Magsisilbi si Arsenio bilang ang pangunahing liaison para sa mga usapin sa katarungan sa kapaligiran sa internal at external na paraan sa ngalan ng Distrito ng Hangin.

"Nadagdagan ang Bay Area ng isang napakahusay na tagapagtaguyod para sa katarungan sa kapaligiran, at ikinalulugod kong tanggapin si Arsenio Mataka sa Distrito ng Hangin," sabi ni Dr. Philip Fine, ang tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Hangin. "Lumaki si Arsenio sa isang rural na komunidad sa Central Valley na lubos na apektado ng polusyon sa hangin, at siya mismo ay nakasaksi sa napakalaki nitong epekto sa kanyang pamilya at mga kapitbahay. Sa lawak ng kanyang personal at propesyonal na karanasan, makakapaghatid siya ng natatanging pananaw sa ahensya, na magbibigay-daan sa kanyang tugunan ang pinakamabibigat na isyung kinakaharap ng ating mga komundad."

"Maghahatid si Arsenio ng karanasan at dedikasyon sa California sa panahon kung saan pinangungunahan ng Distrito ng Hangin ang daan tungo sa mga bagong estratehiya para sa pag-invest sa mga komunidad at pagkakaroon ng mas malinis na hangin," sabi ni Martha Guzman, ang EPA Pacific Southwest Regional Administrator ng U.S.

"Matagal na panahon ang ginugulo ni Arsenio para tugunan ang mga hindi pagkakapantay-pantay pagdating sa kapaligiran sa mga komunidad na lubos na apektado ng polusyon, at tumulong siya sa paggawa ng groundbreaking na batas gaya ng AB 617 at paglunsad sa kauna-unahang Kawanihan ng Katarungan sa Kapaligiran sa opisina ng isang attorney general ng estado," sabi ni Yana Garcia, ang Sekretarya ng California Environmental Protection. "Hindi matatawaran ang kanyang husay at malalim na ugnayan sa mga komunidad ng California sa sama-sama nating pagtutulungan para

mapagtagumpayan ang mga pagsubok sa kalidad ng hangin, klima, at hamon sa kapaligiran na kinakaharap ng Bay Area. Nasasabik ako sa pagbabalik niya sa California sa bagong tungkuling ito."

"Mahigit 15 taon na kaming nagkatrabaho ni Arsenio sa mga proyekto sa katarungan sa kapaligiran," sabi ni Ms. Margaret Gordon, ang tagapagtatag na miyembro ng West Oakland Environmental Indicators Project. "Natutuwa ako at tinanggap niya ang posisyong ito sa Distrito ng Hangin, at alam kong siya ay magiging isang mahusay na lider at kakampi para sa mga komunidad sa Bay Area sa usapin ng katarungan sa kapaligiran."

Nagtapos si Arsenio ng bachelor's degree sa history sa Sacramento State University at ng Juris Doctor sa Humphreys College School of Law. Isang may malasakit na tagapagsulong si Arsenio para sa katarungan sa kapaligiran at pagkakapantay-pantay sa kalusugan, at nagsisilbi siyang boses sa mga disadvantaged na komunidad at underserved na populasyon, habang siya ay nakikipagtulungan sa mga stakeholder sa lahat ng antas ng pamahalaan.

Si Arsenio ay itinalaga ng Administrasyong Biden-Harris kung saan pinangunahan niya ang pagtatayo ng dalawang bagong opisina sa Departamento ng Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao ng U.S.: ang Opisina para sa Pagbabago ng Klima at Pagkakapantay-pantay sa Kalusugan; at ang Opisina para sa Katarungan sa Kapaligiran. Naglilingkod siya, sa kasalukuyan, bilang tagapayo ng sekretarya para sa pagbabago ng klima, katarungan sa kapaligiran, mga sibil na karapatan, at pagkakapantay-pantay sa ahensya.

Magdadala si Arsenio ng malawak na karanasan sa kanyang bagong tungkulin sa pamunuan ng Distrito ng Hangin. Kasama sa kanyang malawak na karanasan ang paglilingkod bilang senior advisor sa patakaran at batas sa kapaligiran kay Attorney General Xavier Becerra ng California at bilang espesyal na tagapayo kay Governor Jerry Brown ng California, kung saan mahalaga ang kanyang naging papel sa paggawa sa batas kaugnay ng pagbabago ng klima. Bago ito, naglingkod siya bilang assistant secretary para sa katarungan sa kapaligiran at mga ugnayan sa mga tribo ng Ahensya para sa Proteksyon ng Kapaligiran ng California, kung saan may mga sinimulan siyang inisyatiba para mabawasan ang mga pagkakaiba sa kapaligiran sa mga disadvantaged na komunidad.

Sisimulan ni Arsenio ang kanyang tungkulin sa Distrito ng Hangin sa Hunyo 10, pagkatapos ng kanyang mga ginagawa bilang tagapayo ng kalihim sa Departamento ng Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao ng U.S.

Layunin ng Distrito ng Hangin na tugunan ang mga pagkakaiba sa kapaligiran at isulong ang pakikipag-ugnayan sa komunidad ng Bay Area. Sa pamamagitan ng mga targeted na inisyatiba at partnership, layunin ng ahensya na bawasan ang mga problemang dulot ng polusyon sa mga komunidad na lubos na apektado, pagandahin ang mga kahihinatnan sa kalusugan ng publiko, at harapin ang kawalan ng katarungan sa kapaligiran.

Ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ay ang panrehiyong ahensiyang responsable para sa pagprotekta sa kalidad ng hangin sa siyam-na-county ng Bay Area. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng X/Twitter, Facebook, Instagram at YouTube.

# # #

*Air District Communications Office*
*375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105*
*Homepage ng Distrito ng Hangin* | *Mga Pahayag sa Media*